Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo* |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 78 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" TESORO GO, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NA MATAYUAN NG IKATLONG PALAPAG ANG GUSALING MGGL. BENJAMIN E. AGARAO SR. UPANG MAGAMIT NA BULWAGANG PULUNGAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN**

**Akda ni: Kgg. Modesto B. Abadier**

**SAPAGKAT,** lubhang masikip ang kasalukuyang Silid Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan dahil na rin sa dami ng taong nagtutungo tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magagawang Silid Pulungan ang itaas/roof deck ng Gusaling Benjamin E. Agarao Sr. ay magiging kumbinyente ang bumubuo ng Kgg. Sangguniang Bayan tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng katuparan ang kahilingan, ang kasalukuyang pinagdadausan ng pangkaraniwang pulong ay malalagyan ng cubicle para sa mga Kagawad ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** kung mabububungan at malalagyan ng ikaltong palapag ang ibabaw ng Gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. ay maiiwasan ang pagtigil dito ng tubig-ulan na nagiging sanhi ng pagbabaha sa ibabang bahagi ng gusali;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Modesto B. Abadier na pinangalawahan ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin kay Kgg. Christopher Lawrence "Bong" Tesoro Go, Senador ng Republika ng Pilipinas na matayuan ng ikatlong palapag ang Gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. upang magamit na Bulwagang Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng butihing Senador Christopher Lawrence "Bong" Tesoro Go sa Rm. 507 and 14 (New Wing 5ft floor) GSIS

Building, Financial Center, Diokno Blvd., Pasay City at sa iba pang kaukulang tanggapan para sa kaniyang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res78*